# PANGANIB!

## PAGKALASON SA CARBON MONOXIDE (CO)




HINDI **NAKIKITA** | HINDI **NAAMOY** | HINDI **NARIRINIG** | **PWEDENG MAPIGILAN**

Ang carbon monoxide (CO) ay isang gas na walang amoy at walang kulay na pumapatay nang walang babala. Kumikitil ito ng buhay ng daan-daang tao bawat taon at nagdudulot ng sakit sa libo-libo pa. Maraming gamit sa bahay, kabilang ang mga furnace na nagsusunog ng gas at langis, mga portable na generator, at mga ihawang gumagamit ng uling, ang nakakalikha ng nakalalasong gas na ito. Mapapanatili mong ligtas ang pamilya mo kapag sinunod mo ang mahahalagang hakbang na ito.

### MGA DETECTOR NG CO

- Maglagay ng mga detector ng CO na pinapatakbo ng baterya o may reserbang baterya malapit sa bawat tulugan sa inyong tahanan.
- Regular na suriin ang mga detector ng CO upang matiyak na gumagana ang mga ito nang maayos.

### MGA FURNACE NA GUMAGAMIT NG LANGIS AT GAS

- Suriin ang inyong furnace taon-taon.

### MGA PORTABLE NA GENERATOR

- Huwag gumamit ng generator sa loob ng inyong bahay o garahe, kahit na nakabukas ang mga pinto at bintana.
- Gumamit lamang ng mga generator sa labas, na mahigit 20 talampakan ang layo mula sa inyong tahanan, sa mga pinto, at mga bintana.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

**PROTEKTAHAN ANG IYONG PAMILYA**